DAILY LESSON PLAN

Grade Level	9
Learning Content	Ekonomiks
Teaching Date	December 05 2020 (Unang Araw)
Quarter	Ikalawa

I. LAYUNIN	
A. Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing kaa-laman sa ugnayan ng pwersa ng demand, supply, at sistema ng pamilihan bilang batayan sa matalinong pagdedesiyon ng konsyumer at bahay-kalakal tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.
B. Pamantayan sa Pagganap	Ang mga mag-aaral ay kritikal na nakapagsusuri sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng pwersa ng demand, supply, at ng sistema ng pamilihan bilang batayan sa matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at bahay-kalakal tungo sa pagtamo ng pambansang kaunlaran.
C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto *Isulat ang code ng bawat kasanayan*	Naipaliliwanag ang interaksyon ng demand at supply sa kalagayan ng presyo at ng pamilihan.(AP9MYK-IIf-9)
II. NILALAMAN	
A. Paksa	**Interaksyon ng Demand at Supply**
B. Sangunian	Ekonomiks Araling Panlipunan Modyul Para Sa Mag-aaral (pp. 109-112) , (pp. 159-163)
C. Iba pang kagamitang Panturo	Excel, PowerPoint, Microsoft Teams, Drawing Tablet

III. PAMAMARAAN	
Gawain ng guro	Gawain ng mag-aaral
A. Panimulang Gawain a. Panalangin b. Pagbati c. Pagtala ng lumiban	
B. Balik-aral sa nakaraang aralin Kahapon ay natalakay natin ang tungkol sa iba't- ibang uri ng Elastisidad ng Supply. Ngayon ay nais ko malaman kung may natatandaan pa kayo at matutukoy ko lamang yan sa pamamagitan ng pagtukoy kung anong uri ng Elastisidad ng Suppy ang mga sumusunod na product/ serbiso at pagsalaysay ng dahilan kung bakit ito nabibilang sa nasabing uri. **1. Sapatos**	**ACTIVITY – BaliKasaysayan** 1. Elastic, dahil ito ay isang manufactured goods. Kapag tumaas ang presyo, mas mabilis na makakagawa ng produkto and mga prodyuser.


This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/

2. **Seasonal Fruits**



3. **Facemask**



4. **Resorts**



5. **Gasolina**



2. Inelastic, dahil makakapagpabunga ng mga prutas kung hindi ito napapanahon

3. Elastic, dahil katulad ng sapatos, ang facemask ay isa ring manufactured goods na medaling magawa.

4. Inelastic, dahil hindi kaagad makakapagdagdag ng supply ng kwarto o kaya ay swimming pool kahit tumaas and renta sa mga ito.

5. Inelastic, dahil ang gasoline ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng mga tao. Ang pagbabago ng presyo nito ay hindi masyado nakakaapekto sa kabuuang supplying gasoline.

Ng
na

	Round 1	Round 2	Round 3	Round 4
1				
2				
3				
4				
5				
6				
7				
8				
9				
10				
11				
12				
13				
14				
15				


This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/

1. Ano ang ipinapakita sa ating ginawang activity? 2. Naranasan mo na bang bumili at magbenta? 3. Ilarawan ang tungkulin o papel ng supply at demand sa presyo gaya ng ipinapakita activity. 4. Magbahagi ng iyong karanasan ukol sa pagbili at pakikipagtawaran sa presyo ng Perlas.	
D. Paglalahad Ayon kay Nicholas Gregory Mankiw (2012) sa kaniyang aklat na Essentials of Economics, kapag nagaganap ang ekwilibriyo ay nagtatamo ng kasiyahan ang parehong konsyumer at prodyuser. Ang konsyumer ay nabibili ang kanilang nais at ang mga prodyuser naman ay nakapagbebenta ng kanilang mga produkto. Ang ekwilibriyo ay isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at kayang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsyumer at ang handa at kayang ipagbiling produkto at serbisyo ng mga prodyuser ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan. Ekwilibriyong presyo ang tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser at ekwilibriyong dami naman ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto o serbisyo.	**Gawain:Pagsusuri** 1. Bakit nagbabago ang presyo at dami ng itinitinda ni Corazon? 2. Kailan nagkakaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan? 3. Ano ang ibig sabihin ng ekwilibriyong presyo at ekwlibriyong dami?

This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/



Maaari ding makuha ang ekwilibriyo sa pamamagitan ng paggamit ng *demand* at *supply function*. Ipinaliwanag sa nakaraang aralin na may *inverse* o magkasalungat na ugnayan ang presyo at *quantity demand*. Ibig sabihin, sa bawat pagtaas ng presyo (P) ay siya namang pagbaba ng dami ng *demand* o *quantity demanded* (Qd). Ang bawat pagbaba ng presyo nito ay nangangahulugan naman ng pagtaas ng *quantity demanded*. Gamit ang konseptong ito, masasabing ang Qd ay isang *dependent variable* samantalang ang P naman ay isang *independent variable*.Ipagpalagay natin ang *equation* na *Qd* = 60 - 10P.

Sa kabilang banda, magugunitang may positibong ugnayan ang presyo at *supplied*. Ang pagbabago sa presyo (P) ay nakaaapekto sa dami ng *supply* o *quantity supplied* (Qs). Samakatwid, ang anumang pagtataas ng presyo ay nangangahulugan din ng pagtaas ng *quantity supplied*. Ang pagbaba naman ng presyo ay nangangahulugan din ng pagbaba ng dami ng *supply* nito. Ipagpalagay natin ang *mathematical equation* na *Qs* = 0 + 10P.

Sa pamamagitan ng *mathematical equation* na ito ay maaari na nating makuha ang ekwilibriyo. Una munang alamin ang halaga o presyo (P) gamit ang *demand* at *supply function*. Pagkatapos ay ihalili ang *value* ng P sa *demand* at *supply function*. Ang mga makukuhang sagot ang siyang tumutugon sa ekwilibriyong dami nito.

Ang kompyutasyon na nasa talahanayan sa ibaba ay nagpapakita kung papaano makukuha ang ekwilibriyong presyo at *quantity*.

Qd = 60 - 10P	Qs = 0 + 10P	
Qs = Qd 0 + 10P = 60 - 10P 10P + 10P = 60 - 0 20P = 60 20 20 P = 3	Qd = 60 - 10P = 60 - 10(3) = 60 - 30 = 30	Qs = 0 + 10P = 0 + 10(3) = 0 + 30 =30
Ekwilibriyong Presyo (P*)= 3	Ekwilibriyong Dami (Q*)= 30	

F. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay

May kamalayan ba kayo kung bakit tumaas ang presyo ng alcohol, facemask at facesheild noong nakaraang buwan?

Very good!

Madam opo may kamalayan po kami. Ito po ay dahil sa Pandemic o Covid 19. Dahil gusto ng mga tao na maligtas sa naturang sakit kaya bumibili sila sa kahit anong presyo.

This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/

Kahit pa sabihin natin na ang alcohol facemask at facesheild ay medaling ma manufacture, dahil sa pandemic ang mga ito ay naging pangunahing pangangailangan ng mga tao. At dahil sa labis na pag taas ng demand ay bumama and supply at nag karoon ng shortage na nagging dahilan kung bakit tumaas ng labis ang mga presyo nito. Sa ngayon na tayo nasa natatawag nating “new normal” , sa tingin nyo ba ay nasa tamang presyo na ang alcohol facemask at facesheild.?	Opo dahil nagtakda ang govyerno ng tamang presyo sa bawat produkto.

G. Paglalahat

Kapag nagkasundo ang mamimili at prodyuser ay nagkakaroon ng ekilibriyo sa pamilihan. Ang ekilibriyo ay isang kalagayan na kung saan walang sinuman sa mamimili at prodyuser ang gustong gumalaw at kumilos dahil lahat ng gusto at kayang bilhin ng mamimili sa presyong nakatakda ay ibebenta ng prodyuser. Ito ang sitwasyon na ang mamimili (demand) at prodyuser(supply) ay nagtatagpo. May dalawang ekilibriyo: Presyong ekilibriyo at Ekilibriyong Dami. Ang presyong ekilibriyo ay ang lebel ng presyo na umiiral sa pamilihan upang maganap ang bilihan sa pagitan ng mamimili at prodyuser. Ang mamimili at prodyuser ay nagkasundong bumili at magbili sa nasabing presyo. Ang ekilibriyong dami ay tumukoy sa dami ng produkto na handang bilhin ay ipagbili ng mamimili at prodyuser sa napagkasunduang presyo.

Napakahalaga pala na ito’y mapag-aralan sapagka’t ang presyong ekilibriyo at dami ay mahalaga upang magkaroon ng bilihan ng mga produkto sa pamilihan. Ito ang palatandaan na ang mamimili at tindera ay nagkakasundo upang magkaroon ng balanseng pamilihan. Bunga nito, ang presyo ay magiging matatag at makatulong sa paglago ng ating ekonomiya.

IV. PAGSUSURI

Ngayon ay magkakaroon tayo ng isang Pagsusulit at ito ay batay sa paksang natalakay natin sa araw na ito.
(5 minutes)

A. Buuin ang talahanayan sa ibaba gamit ang *demand* at *supply functions*.

	Qd = 150 - P	Qs = -60 + 2P
Presyo (P)	Dami ng Demand (Qd)	Dami ng Supply (Qs)
40	110	
55		
	80	
	65	110
100		

B. Gamitin ang nagawang iskedyul (talahanayan) upang makalikha ng *graph* na nagpapakita ng interaksiyon ng *demand at supply*

V. MGA TALA

Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation.*	Ano ang pagkakaiba ng shortage at surplus?

This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/

Inihanda ni:

Nikki Rose C. Salvador

This study source was downloaded by 100000891664939 from CourseHero.com on 09-29-2024 10:09:12 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/88500069/Lesson-Plan-Interaksyon-ng-Demand-at-Supply-for-DEMOdocx/